

PATAKARAN SA PAGHINTO NG SERBISYO SA TUBIG NA PANGRESIDENSIAL

**Ipinatupad ng Resolusyon 4972 ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng
Westminster noong Disyembre 2019**

1. **Aplikasyon ng Patakarang.** Ang Patakarang ito sa Paghinto ng Serbisyo sa Tubig na Pangresidensyal ("Patakarang") ay gagamitin sa lahat ng account sa Lungsod para sa serbisyo sa tubig na pangresidensyal, pero hindi gagamitin sa anumang account para sa serbisyon hindi pang-residensyal. Anumang pagkakasalungatan sa Patakarang ito sa iba pang mga tuntunin, regulasyon, patakarang ng Lungsod, ang Patakarang ito ang susundin.

2. **Impormasyon sa Matatawagan.** Para sa mga tanong o tulong tungkol sa singil ng tubig niyo, matatawagan ang kawani ng Serbisyo para sa Kostumer ng Lungsod sa (714) 894-3796. Maaari ring bumisita ang mga kostumer sa desk ng Serbisyo para sa Kostumer ng Lungsod nang personal sa mga sumusunod na lokasyon at oras: Public Works Yard, 14381 Olive Street, Lunes hanggang Biyernes, mula 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. o sa City Hall, 8200 Westminster Boulevard, Lunes hanggang Huwebes, 7:30 a.m. hanggang 5:30 p.m. (magkahaliling Biyernes, 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m.), maliban kapag pista-opisyal ng Lungsod.

3. **Mga Pamamaraan sa Pagsingil.** Ang mga singil sa serbisyon tubig ay baayaran sa Lungsod minsan bawat walong (8) linggo o sa ibang dalas ayon sa pana-panahong nadetermina ng Konseho ng Lungsod. Lahat ng mga singil para sa serbisyon tubig ay nakatakda at babayaran dalawampu't walong araw makalipad ang pagpapadala ng liham o pag-e-mail sa Lungsod. Ang anumang mga singil na hindi nabayaran sa loob ng nasabing panahon ay tinuturing na delinkuente.

4. **Mga Pamigil sa Daloy ng Tubig.** Bilang karagdagan sa anumang nakasulat na babala, maaaring magkabit ang Lungsod mg Westminster ng aparato na pipigil sa daloy ng tubig na tinatayang isang galon sa bawat minutong kapasidad para sa mga serbisyo na hanggang isa at kalahating pulgada ang laki at maihahambing na laking mga pamigil para sa mga mas malaking serbisyo. Bago ito gawin, magbibigay muna ang Lungsod ng hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras na abiso ng paglalayon nitong magkabit ng pamigil sa daloy ng tubig. Sakaling tumanggi ang kostumer na pahintulutan ang pagkabit ng pamigil sa daloy ng tubig kasunod ng kagustuhan ng Lungsod na gawin ito, maaaring wakasan ng Lungsod ang serbisyon tubig ng kostumer.

5. **Paghinto ng Serbisyo sa Tubig para sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang bayarin ay delingkwente na nang mga animnapung (60) araw, posibleng ihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa mga address kung saan ginagamit ang serbisyo (service address).

5.1 Nasusulat na Abiso sa Customer. Ang Lungsod ay magbibigay ng abiso sa koreo sa kostumer na nasa talaan ng hindi bababa sa labinglimang (15) araw bago ang pagdiskonekta ng serbisyon tubig. Ang abiso ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) ang delingkwenteng halaga;
- (c) petsa ng pagbabayad o isinaayos na pagbabayad na dapat gawin para maiwasan ang paghinto ng serbisyo;

- (d) paraan na puwedeng gawin ng customer kung magreklamo ito o hihiling ng imbestigasyon o aapela may kaugnayan sa serbisyo o mga singilin;
- (e) deskripsyon ng pamamaraan kapag ang customer ay hihiling ng kaayusan sa alternatibong pagbabayad, na maaaring kasama dito ang ekstensiyon ng petsa, amortization, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbawas ng bayarin.
- (f) pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa tulong pinansyal, kung naangkop;

5.2 Nasusulat na Abiso para sa mga Nakatira o mga Nangungupahan.

(a) Ang Lungsod ay magpapadala din ng abiso sa mga umookupa na nakatira sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari: (1) ang pang-indibidwal na nakametrong serbisyo na inilaan ng Lungsod para sa pang-isang pamilya, maramihang yunit na pangresidenteng gusali, paradahan ng mobile home, o kampo ng manggagawa sa bukid at ang may-ari, manager, o nagpapatakbo nito ay ang customer sa record; o (2) ang address sa koreo ng customer sa record ay hindi kapareho ng service address. Ang abiso ay ipapatungkol sa “Nakatira”, maglalaman ng impormasyon na hinihingi sa Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaalam sa mga nakatira sa residensyal na may karapatan silang maging customer ng Lungsod nang hindi kailangang magbayad ng sinisingil na halaga sa delingkwenteng account. Makikita sa Seksyon 8 sa ibaba ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga customer ng Lungsod ang mga nakatira.

(b) Kung isinusuplay ng Lungsod ang tubig sa pamamagitan ng master meter sa maramihang yunit sa loob ng gusaling pangresidensyal, paradahan ng mobile home, o sa permanenteng mga gusaling pangresidensyal sa isang kampo ng trabahador, at ang may-ari, manager, o nagpapatakbo nito ay ang customer sa record, sisikapin ng Lungsod na ipaalam sa mga nakatira, sa pamamagitan ng nasusulat na abiso na ipapaskil sa pinto ng bawat yunit ng residensyal hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo, at na ang account ay may pagkakautang at ang serbisyo ay puputulin na sa petsang nakalagay sa abiso. Kung hindi makatwiran o praktikal na magpaskil ng abiso sa pinto ng bawat yunit, magpapakil ang Lungsod ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat lugar na napupuntahan ng lahat na madaling makita at sa bawat pasukan ng gusali. Ipapaalam ng abiso sa mga nakatira sa residensyal na may karapaan silang maging customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang sinisingil na halaga sa delingkwenteng account. Tutukuyin din ng abiso kung ano ang kinakailangang gawin ng mga nakatira para maiwasang maputulan ng serbisyo, o para muling maitatag ang serbisyo; tinatayang buwanang gastos sa serbisyo; ang titulo, address at numero ng telepono ng kinatawan ng Lungsod na puwedeng tumulong sa mga nakatira para patuloy na makatanggap ng serbisyo; at ang address at numero ng telepono ng kuwalipikadong ligal na mga proyektong serbisyo na inirekumenda ng lokal na county bar association. Makikita sa Seksyon 8 sa ibaba ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga customer ng Lungsod ang mga nakatira.

5.3 Abiso na Ihahatid ng Tao o sa Pamamagitan ng Telepono. Ang Lungsod ay gagawa din ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang kostumer sa talaan o adult na taong nakatira sa lugar ng kostumer nang personal o sa telepono ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagputol ng serbisyo. Mag-aalok ang Lungsod na magbibigay ng isang kopya ng nakasulat na Patakarang ito at ipakikipag-usap ang mga opsyon para maiwasan ang paghinto ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang posibilidad ng ekstensiyon o iba pang kaayusan sa pagbabayad.

5.4 Pagpaskil ng Abiso sa Service Address. Kung hindi aktuwal na makausap ng Lungsod ang customer o ang isang adulto na nakatira sa service address o sa pamamagitan ng telepono, Ang Lungsod ay gagawa ng mabuting layuning pagsusumikap na mag-iwan ng iabiso ng napipintong pagputol ng serbisyong residensiyal at kopya ng Polisyang ito sa makikitang lugar sa address ng serbisyo. Ang abiso at kopya ng Polisyang ito ay iiwan sa tirahan ng hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol ng serbisyo. Isasama sa abiso ang:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halagang babayara dahil sa pagiging delingkwente;
- (c) petsa ng pagbabayad o isinaayos na pagbabayad na dapat gawin para maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
- (d) pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon tungkol sa tulong pinansyal, kung naangkop.

5.5 Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Ihihinto ang Serbisyo. Ang Lungsod ay hindi magpuputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya:

- (a) Sa panahon ng imbestigasyon na ginawa ng Lungsod sa customer, nakipagkatwiranang o nagreklamo ito sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkakabinbin ng apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa yugto ng panahon kung saan ang pagbabayad ng customer ay sumasailalim sa ekstensiyon na aprubado ng Lungsod, amortization, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagbabawas ng bayarin sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at ang customer ay nananatiling sumusunod sa inaprubahang kaayusan sa pagbabayad.

5.6 Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Ihihinto ang Serbisyo sa Pamamagitan ng Master Meter. Kung isinusuplay ng Lungsod ang tubig sa pamamagitan ng master meter sa maramihang yunit sa loob ng gusaling pangresidensyal, paradahan ng mobile home, o sa permanenteng mga gusaling pangresidensyal sa isang kampo ng trabahador, at ang may-ari, manager, o nagpapatakbo ng tirahan, gusali, paradahan nito ay ang

customer sa record, Ang Lungsod ay hindi magpuputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya:

(a) Kapag ang pagkakautang ng customer ay utang nito sa isa pang ahensyang pampubliko, o kapag ang pananagutan ay kinakatawan ng delingkwenteng account o ang pagkakautang ay ipinataw ng ahensyang pampubliko maliban sa water utility ng Lungsod.

(b) Kung ang delingkwenteng account ay nauugnay sa isa pang ari-arian na pag-aari, pinamamahalaan, o pinatatakbo ng customer;

(c) Kung pinatutunayan ng opisyal ng pampublikong kalusugan o gusali na ang paghinto sa serbisyo ay magdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga nakatira sa residensyal o sa publiko.

5.7 Espesyal na mga Kalagayang Medikal at Pinansyal Kung Saan Hindi Ihihinto ang mga Serbisyo.

- (a) Ang Lungsod ay hindi magpapahinto ng serbisyong tubig ng kostumer kung lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:
 - (i) Ang customer, o nangungupahan sa customer, ay magpapasakop sa Lungsod sa sertipikasyon ng lisensyadong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, na ang paghinto sa serbisyo sa tubig ay magsasapanganib ng buhay sa, o maglalagay sa seryosong panganib sa kalusugan at kaligtasan ng residente sa mga nasasakupan kung saan ibinibigay ang serbisyong pangresidensyal;
 - (ii) Ipinakikita ng customer na wala itong kakayahang bayaran ang serbisyong pangresidensyal sa normal na billing cycle ng Lungsod. Masasabi lang na walang pinansyal na kakayahan ang customer na magbayad sa panahon ng normal na billing cycling kung: (a) mayroong miyembro ang sambahayan ng customer na kasalukuyang tumatanggap ng tulong ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program para sa Kababaihan, mga Sanggol at mga Bata, o (b) idinideklara ng customer sa ilalim ng penalty of perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200 porsyento sa antas ng pagiging mahirap sa pederal, at
 - (iii) Pumapayag ang customer na pumasok sa kaayusan ng alternatibong pagbabayad, kasama na ang ekstensiyon, amortization, iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o pagbabawas ng bayarin may kaugnayan sa delingkwenteng mga singilin.
- (b) Para sa sinumang customer na makakatugon sa lahat ng kundisyon sa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod na nasa kapasyahan nito: (1) isang ekstensiyon ng yugto ng pagbabayad; (2) amortization ng hindi pa bayad na balanse; (3) alternatibong iskedyul sa pagbabayad. Ang Direktor ng Pananalapi ng Lungsod o designado ay pipili ng pinaka-angkop na pag-aayos ng bayad, isasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong nilaan ng kostumer, pati na ang mga pangangailangan ng Lungsod sa pagbabayad.

- (c) Pananagutan ng customer na ipakitang natutugunan niya ang mga kundisyon sa subsection (a). Pagkatanggap ng dokumento mula sa customer, rerepasuhin ng Lungsod ang dokumento sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer ng tungkol sa kaayusan sa alternatibong pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihilinging pirmahan ng customer ang pagpayag na makibahagi sa kaayusan sa alternatibo; (2) hihiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan ang customer na hindi siya nakatugon sa mga kundisyon sa subsection (a).
- (d) Posibleng ihinto ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung ang customer na pinagkalooban ng kaayusan sa alternatibong pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay nabigong gawin ang alinman sa mga sumusunod na umabot na ng (60) araw o higit pa: (a) na bayaran ang kanyang mga balanse bago matapos ang pinalawig na petsa ng pagbabayad; (b) na bayaran ang anumang halaga na huhulug-hulugan sa ilalim ng iskedyul ng amortization ; (c) na bayaran ang anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad; (d) na bayaran ang binawasang halagang dapat bayarin sa takdang petsa nito; o (e) na bayaran ang kanyang mga kasalukuyang singilin para sa serbisyo sa tubig. Ang Lungsod ay magpapaskil ng panghuling abiso ng paglalayong putulin ang serbisyo sa prominente at mapapansing lugar sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo. Dahil sa panghuling abiso, hindi na karapat-dapat ang customer para sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Lungsod.

5.8 Panahon ng Paghinto ng Serbisyo. Ang Lungsod ay hindi magpuputol ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad kapag Sabado, Linggo, ligal na piyesta opisyal, o sa anumang panahon kung kailan hindi bukas para sa publiko ang opisina ng Lungsod.

5.9 Pagsasauli ng Serbisyo. Maaaring makipag-ugnayan sa Lungsod ang mga customer na naputulan ng serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng telepono o aktuwal na makausap para sa pagsasauli ng serbisyo. Ang pagsasauli ay nakadepende sa pagbabayad ng: (a) anumang halagang dapat bayaran na lampas na sa takdang petsa, kasama na ang naangkop na interes o mga penalty; (b) anumang babayaran sa pagbabalik ng koneksyon, ay sasailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naangkop; (c) at paunang bayad (security deposit), kung kailangan ng Lungsod.

6. Mga Pamamaraan para Ilaban o Iapela ang isang Bayarin.

6.1 Panahon kung kailan Sisimulan ang Reklamo o Paghiling ng Imbestigasyon. Puwedeng magreklamo o humiling ang customer ng imbestigasyon tungkol sa halaga na nasa bayarin sa loob ng limang (5) araw pagkatanggap ng di-pinagkakasunduang bayarin. Para sa layunin ng Seksyon 5.1 na ito lamang, ang singil ay ituturing na natanggap ng kostumer limang (5) araw matapos ipadala sa koreo at agad sa pag-e-mail.

6.2 Pagrepaso ng Lungsod. Ang nasa tamang panahong reklamo o paghiling ng imbestigasyon ay rerepasuhin ng manager ng Lungsod, na siyang magbibigay sa customer ng nasusulat na kapasyahan. Kasama sa pagrepaso ang pagsasaalang-alang kung makatanggap ba o hindi ang customer ng ekstensiyon, amortization, iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o pagbabawas ng bayarin sa ilalim ng Seksyon 6. Puwedeng repasuhin ng Lungsod, na nasa kapasyahan nito, ang wala sa tamang panahong mga reklamo o paghiling ng imbestigasyon; gayunman, ang gayong mga reklamo o paghiling ay hindi sasailalim sa apela.

6.3 Pag-apela sa Konseho ng Lungsod. Sinumang customer na ang nasa tamang panahong reklamo o paghiling ng imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito na ang resulta ay hindi kaaya-ayang kapasyahan, ay puwedeng umapela sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsampa ng nasusulat na abiso ng apela sa Clerk ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo pagkapadala ng Lungsod ng kapasyahan. Pagkatanggap ng abiso ng apela, isasaayos ng Clerk ng Lungsod na madinig ang bagay na ito sa susunod na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at padadalhan ang customer ng nasusulat na abiso kung kailan at saan magaganap ang pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Panghuli na ang desisyon ng Konseho ng Lungsod.

7. Mga Ekstensiyon at Iba Pang Mga Kaayusan sa Alternatibong Pagbabayad.

7.1 Panahon kung Kailan Gagawin ang Paghiling ng Ekstensiyon o Iba Pang Kaayusan sa Alternatibong Pagbabayad. Kung ang isang customer ay hindi makabayad ng bayarin sa normal na yugto ng pagbabayad, puwede siyang humiling ng ekstensiyon o iba pang kaayusan sa alternatibong pagbabayad na inilarawan sa Seksyon 6 na ito. Kung ang isang customer ay magsusumite ng kanyang kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw pagkaraang maipadala sa kanya ng Lungsod ang nasusulat na abiso ng paghinto ng serbisyo, rerepasuhin ng manager ng Lungsod ang kahilingan. Ultimatum ang mga desisyon ng Lungsod may kaugnayan sa mga ekstensiyon at sa iba pang mga kaayusan sa alternatibong pagbabayad at hindi kasama sa puwedeng iapela sa Konseho ng Lungsod.

7.2 Ekstensiyon. Kung aaprubahan ng Lungsod, pansamantalang palalawigin ang pagbabayad ng customer ng kanyang hindi pa bayad na balanse hanggang sa yugto na hindi lalampas sa anim (6) na buwan pagkatapos ng petsa ng orihinal na balanse. Aalamin ng Direktor sa Pananalapi o designado ng Lungsod, sa kanyang diskresyon, kung gaano katagal na ekstensiyon ang ilalaan sa kostumer. Babayaran ng customer ang lahat ng hindi pa bayad na balanse sa petsa na itinakda ng Lungsod at dapat na nananatiling nakakabayad sa lahat ng mga singilin sa serbisyo sa tubig na naidadagdag mga susunod na yugto ng billing. Ang pinalawig na petsa ng pagbabayad ay ilalalaking sa sulat at ibibigay ito sa customer.

7.3 Hulug-hulugang pagbabayad (Amortization). Kung aaprubahan ng Lungsod, posibleng sisingilin nang unti-unti ang customer sa kanyang hindi pa bayad na balanse hanggang sa yugto na hindi lalampas sa anim (12) na buwan, ayon sa nadetermina ng Direktor sa Pananalapi o designado ng Lungsod, sa kanyang diskresyon.

Kung maaprubahan ang amortization, ang hindi pa bayad na balanse ay hahatiin sa bilang ng mga buwan ng amortization period, at ang halaga ay idadagdag sa mga buwanang bayarin ng customer para sa serbisyo sa tubig hanggang sa mabayaran na lahat. Sa panahon ng amortization period, dapat na nananatiling updated ang pagbabayad ng customer sa lahat ng singilin sa serbisyo sa tubig na naidadagdag sa kasunod na mga billing period. Ang iskedyul ng amortization at ang halagang dapat bayaran ay ilalalaki sa sulat at ibibigay ito sa customer.

7.4 Iskedyul ng Alternatibong Pagbabayad. Kung aaprubahan ng Lungsod, posibleng bayaran ng customer ang kanyang hindi pa bayad na balanse alinsunod sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, ayon sa nadetermina ng Direktor sa Pananalapi o designado ng Lungsod, sa kanyang diskresyon. Kung maaprubahan, dahil sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad, puwedeng gawin ang pana-panahong lump-sum na pagbabayad na hindi kasabay ng itinalagang petsa ng pagbabayad na itinakda ng Lungsod o maaaring magbigay ng bayad na mas madalas o mas madalang kaysa sa petsa ng regular na pagbabayad na itinakda ng Lungsod. Sa panahon ng yugto ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad, dapat na nananatiling updated ang customer sa lahat ng singilin sa serbisyo sa tubig na natatanggap sa panahon ng kasunod na mga yugto ng billing. Ang iskedyul ng alternatibong pagbabayad at ang sinisingil na halaga ay ilalalaki sa sulat at ibibigay ito sa customer.

7.5 Pagbawas ng Bayad. Hindi Angkop.

7.6 Hindi Pagsunod. Kung ang customer ay binigyan ng kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 na ito at nabigong: (1) bayaran ang mga hindi pa bayad na singilin sa itinakdang petsa ng ekstensiyon; (2) bayaran ang halagang kailangang bayaran sa ilalim ng iskedyul ng amortization; (3) bayaran ang halagang kailangang bayaran sa ilalim ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad; o (4) bayaran ang halaga ng binawasang bayarin sa takdang petsa nito, pagkatapos nito, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig. Magpapaskil ang Lungsod ng panghuling abiso na ihihinto na ang serbisyo sa isang lugar na madaling makita sa service address nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ihinto ang serbisyo. Dahil sa panghuling abiso, wala nang karapatan ang customer para sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Lungsod.

8. Espesipikong mga Programa para sa mga Customer na Mababa ang Kita.

8.1 Mga Limitasyon sa Bayad sa Pagbabalik ng Koneksyon at Pagpapaubaya ng Interes. Para sa mga residensyal na customer na nakapagpamalalas sa Lungsod na ang kanilang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng pagiging mahirap, lilimitahan ng Lungsod ang:

- (a) Ang anumang bayad sa pagbabalik ng koneksyon sa panahon ng normal na mga oras ng operasyon sa limampung dolyar (\$50), at sa mga oras na walang operasyon ay isang daan at limampung dolyar (\$150). Ang mga limitasyong ito ay ipapatupad lamang kung ang mga bayad sa pagbabalik ng koneksyon ng Lungsod ay lalampas sa

mga halagang ito. Ang ganitong mga limitasyon ay sumasailalim sa taunang pagsasaayos ng mga pagbabago sa Bureau of Labor Statistics' Consumer Price Index for All Urban Consumer (CPI-U) pasimula sa Enero 1, 2021.

- (b) Hindi na sisingilin ang interes sa mga singilin sa delingkwenteng mga bayarin isang beses kada 12 buwan. Gagamitin ng Lungsod ang pagpapaubaya sa anumang interes sa mga singilin na hindi pa bayad sa panahong hilingin ito ng customer.

8.2 Mga Kuwalipikasyon. Ituturing lang ng Lungsod ang residensyal na customer na ang sambahayan ay may kitang mababa sa 200 porsyento ng pagiging mahirap ng pederal kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng tulong ng CalWORKSs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/Programang Pantulong sa Pagbabayad ng Estado, o Programang Espesyal na Pantulong sa Nutrisyon ng California para sa Kababaihan, mga Sanggol at mga Bata, o (b) idinideklara ng customer sa ilalim ng penalty of perjury na ang kanilang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200 porsyento sa antas ng pederal sa pagiging mahirap, at

9. Mga Pamamaraan para Maging mga Customer ng Lungsod ang mga Nakatira o mga Nangungupahan.

9.1 Pagiging Naangkop. Gagamitin lamang ang Seksyon 8 na ito kapag ang may-ari ng ari-arian, landlord, manager, o operator ng service address ng residensyal ay nakalista bilang customer sa record at naabisuhan na ng intensyong ihinto ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

9.2 Kasunduan sa mga Tuntunin at Kundisyon sa Serbisyo ng Lungsod. Gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa aktuwal na mga nakatira sa residensyal kung ang bawat nakatira ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon sa serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan sa mga alituntunin at regulasyon ng Lungsod. Sa kabila nito, kung may isa o higit pa sa mga nakatira ay nagkukusa at makakaya nilang aakuin ang pananagutan ng mga kasunod na singilin sa account sa ikakukuntento ng Lungsod, o kung may pisikal na kakayahan, available sa ligal na paraan sa Lungsod, ng piniling ihinto ang serbisyo sa mga nakatira na hindi nakatugon sa mga kinakailangan sa mga alituntunin at regulasyon ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod sa mga nakatira na nakatugon sa mga kinakailangang nabanggit.

9.3 Pagpapatunay ng Pagiging Nangungupahan. Para maging karapat-dapat na maging customer nang hindi kaialangang magbayad ng halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, ibe-verify ng nakatira kung ang delingkwenteng account ng customer sa record ay ang landlord, manager, o ahente ng tirahan. Posibleng kasama sa pagpapatunay ang, pero hindi limitado sa, isang kasunduan sa pagpapaupa, mga resibo ng renta, dokumento ng pamahalaan na nakalagay dito na inuupahan ng nakatira ang ari-ariang ito, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodigo ng Sibil, na nasa kapasyahan ng Lungsod.

9.4 **Mga Paraan ng Pagtatatag ng Credit.** Kung ang naunang serbisyo para sa isang yugto ng panahon ang siyang kundisyon para sa pagtatatag ng credit sa Lungsod, ang pagiging residente at patunay ng napapanahong pagbabayad ng renta para sa yugtong ito ng panahon ay sapat na

9.5 **Mga Pagbabawas mula sa Bayad ng Renta.** Alinsunod sa Government Code Section 60371(d), sinumang nakatira na naging customer ng Lungsod alinsunod sa Seksyon 8 na ito at ang mga buwanang pagbabayad, tulad ng mga pagbabayad ng renta, ay may mga kasamang singilin para sa serbisyo sa tubig na pangresidensyal, kung saan ang gayong mga singilin ay hindi magkahiwalay na tinukoy, ay maaaring ibawas mula sa buwanang pagbabayad sa bawat yugto ng pagbabayad lahat ng makatwirang mga singilin na binayaran sa Lungsod para sa gayong mga serbisyo sa kasunod na yugto ng pagbabayad.

10. **Serbisyong Notipikasyon ng Third Party para sa mga Senior at mga Umaasang Adulto.** Gagawing available ng Lungsod sa mga residensyal na customer na nasa edad 65 taong gulang o mas matanda pa, o sinumang umaasang adulto (gaya ng ipinaliwanag sa Welfare and Institutions Code Section 15610(b)(1)), ang serbisyong notipikasyon ng third party na gagamitin ng Lungsod para subukang abisuhan ang tao na inatasan ng customer na tatanggap ng notipikasyon kapag lampas na sa takdang petsa ang account ng customer at isasailalim na sa paghinto ng serbisyo. Kabilang sa notipikasyon ang impormasyon kung ano ang kailangan para maiwasan ang paghinto ng serbisyo. Ipapadala ng Lungsod sa pamamagitan ng koreo ang notipikasyon sa nakatalagang third party hindi bababa sa sampung (10) araw bago ihinto ang serbisyo. Para makibahagi, dapat magsumite ang customer ng paghiling ng notipikasyon ng third-party sa form na inilalaan ng Lungsod, at dapat may kasamang nasusulat na pagsang-ayon ng itinalagang third party. Hindi inuubliga ng serbisyong abiso ang third party na bayaran ang anumang mga singilin na lampas na sa takdang petsa, ni hahadlangan man nito o iaantala ang paghinto ng serbisyo.

11. **Wika para sa Partikular na Nasusulat na mga Abiso.** Lahat ng nasusulat na abiso sa ilalim ng Section 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay ilalaan sa wikang English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at sa iba pang wikang ginagamit ng sampung porsiyento (10%) o higit pa na mga tao sa loob ng lugar ng serbisyo ng Lungsod.

12. **Iba pang mga Remedyo.** Dagdag pa sa paghinto ng serbisyo sa tubig, posibleng gawin pa ng Lungsod ang iba pang remedyo na available sa batas o katarungan dahil sa hindi pagbabayad ng mga singilin sa serbisyo sa tubig kabilang na ang, pero hindi limitado sa: pag-secure ng mga delingkwenteng account sa pamamagitan ng pagsampa ng pagkuha ng ari-arian bilang prenda, pagsampa ng claim o ligal na aksyon, o ire-refer sa koleksyon ang hindi pa bayad na halaga. Kung sakaling ang ligal na aksyon ay pinagpasyahan pabor sa Lungsod, karapat-dapat ang Lungsod na mabayaran para sa lahat ng kailangang bayaran at nagastos, kasama na ang bayad sa abogado at naipong interes.

13. **Paghinto ng Serbisyo sa Tubig para sa Iba pang mga Paglabag ng Customer.** May karapatan ang Lungsod na ihinto ang serbisyo sa tubig dahil sa mga paglabag sa mga ordinansa, alituntunin, o regulasyon ng Lungsod bukod pa sa hindi pagbabayad.

14. **Ipinataw na mga Kailangang Bayaran at Singilin.** Maliban sa hindi malinaw na tinukoy sa Patakarang ito, anumang kailangang bayaran at singiling ipinataw sa customer sa ilalim ng iba pang mga alituntunin, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, kabilang na, pero hindi limitado sa, delingkwenteng mga singilin, ay kailangang bayaran at mababayaran gaya ng ipinakita doon.

15. **Mga Desisyon ng Kawani ng Lungsod.** Ang anumang pasya na maaaring gawin ng Direktor sa Pananalapi ng Lungsod sa ilalim ng Polisiyang ito ay maaaring gawin ng kanyang designado.